

WARM-UP

- Handa ka bang subukang gawin ang isang *sport*, libangan, o kinahihiligan dahil gusto ito ng isang kapamilya o kaibigan? Bakit oo o bakit hindi?
- Ano ang pinakamabuting bagay na ginawa ninuman para sa iyo ngayong linggo? Paano ka tumugon?
- Paano mo ipinakikita sa isang tao na pinahahalagahan mo siya? Ano ang ginagawa o sinasabi mo upang maipakita ito?

WORD

*¹Hindi ba't masigla kayo dahil nakay Cristo kayo? Hindi ba't masaya kayo dahil alam ninyong mahal niya kayo? Hindi ba't may mabuti kayong pagsasamahan dahil sa Banal na Espiritu? At hindi ba't may malasakit at pang-unawa kayo sa isa't isa? ²Kung ganoon, nakikiusap ako na lubusin na ninyo ang kagalakan ko: Magkasundo kayo't magmahalan, at magkaisa sa isip at layunin. ³Huwag kayong gumawa ng anumang bagay dahil sa makasariling hangarin o sa paghahangad na maitaas ang sarili. Sa halip, magpakumbaba kayo sa isa't isa at ituring na mas mabuti ang iba kaysa sa inyo. **MGA TAGA-FILIPOS 2:1-3***

(Basahin din ang **MGA-TAGA FILIPOS 2:4-11.**)

Si apostol Pablo ay nagbigay ng walang kapintasang larawan: ganap na kagalakan dahil ang mga mananampalataya ay namumuhay nang may pagkakaisa at pagpapakumbaba, dala ng pagsunod sa halimbawang ibinigay ni Cristo. Sa katotohanan, ang ugnayan natin sa Diyos at sa isa't isa ay naputol at nasira dahil sa kasalanan. Kung sa ating mga sarili lamang, hindi natin magagawang magkaisa sa isip at layunin, magmahalan, at magkasundo. Sa katunayan, gagawin natin ang kabaligtaran nito. Ang inilarawan ni Pablo na nagkaka-isang katawan ng mananampalataya ay maaari lamang mangyari kay Cristo, sa pamamagitan ni Cristo, at dahil kay Cristo. Maraming

mga iskolar ng Bibliya ang naniniwala na binigkas dito ni Pablo ang isang lumang himno ng mga Kristiyano, na makikita sa Mga Taga-Filipos 2:6–11. Dahil sa pagkakatawang tao, buhay, kamatayan, at muling pagkabuhay ni Jesus, ang ating ugnayan sa Diyos at sa isa't isa ay naipanumbalik, kung kaya't magagawa nating maranasan ang ganap na kagalakan. Sa araling ito, titingnan natin kung paano natin ito maisasapamuhay.

1 | Mamuhay nang may pagkaka-isa.

¹Hindi ba't masigla kayo dahil nakay Cristo kayo? Hindi ba't masaya kayo dahil alam ninyong mahal niya kayo? Hindi ba't may mabuti kayong pagsasamahan dahil sa Banal na Espiritu? At hindi ba't may malasakit at pang-unawa kayo sa isa't isa? ²Kung ganoon, nakikiusap ako na lubusin na ninyo ang kagalakan ko: Magkasundo kayo't magmahalan, at magkaisa sa isip at layunin.

MGA TAGA-FILIPOS 2:1-2

Noong mga panahong iyon sa Filipos, ang mga tao ay nakikipag-ugnayan sa isa't isa ayon sa kanilang pang-ekonomiya, etniko, at politikal na katayuan. Dahil sa kulturang ito, mahirap ang mamuhay nang may pagkakaisa. Paano makakapamuhay ang mga tao na may iba't ibang sitwasyon sa buhay nang may nagkakaisang isipan at layunin? Hinamon ni Pablo ang iglesya sa Filipos na magagawa nila ito sa pamamagitan ng ebanghelyo. Kay Cristo, ang yaman, ranggo, katayuan sa bayang pinagtatrabahuhan, at kalagayan ng pamilya ay hindi mahalaga. Lahat tayo ay mahal ng Diyos, iniligtas ng Kanyang biyaya, at dinala sa Kanyang kaharian. Pinahahalagahan natin ang isa't isa ayon sa pagmamahal at sakripisyo ni Jesus, at hindi ayon sa ating mga pagkakaiba at hindi pagkakaunawaan. Sa Mga Taga-Filipos 4:2:3, ano ang hiniling ni Pablo na gawin nina Eudia at Syntique? Gaano kahalaga para kay Pablo ang pagkakaisa at pagkakasundo?

2 | Maglingkod nang may pagpapakumbaba.

³Huwag kayong gumawa ng anumang bagay dahil sa makasariling hangarin o sa paghahangad na maitaas ang sarili. Sa halip, magpapakumbaba kayo sa isa't isa at ituring na mas mabuti ang iba kaysa sa inyo. ⁴Huwag lang ang sarili ninyong kapakanan ang isipin n'yo kundi ang kapakanan din ng iba.

MGA TAGA-FILIPOS 2:3-4

Ang pagpapakumbaba ay pagsasaalang-alang sa iba bago ang ating mga sarili. Ito ay ang pangangalaga sa kanilang kabutihan at hindi sa ating kabutihan. Ito ay pagsasa-isang-tabi ng ating kagustuhan para sa kapakanan ng iba. Ginawa ito ni Jesus: Sa kabila ng pagiging Diyos, nagpapakumbaba Siya at nagkatawang tao—alipin at tagapaglingkod ng lahat. Dahil sa Kanyang walang kamaliang buhay, namatay Siya para sa ating mga kasalanan at kinuha Niya ang ating mga kasalanan upang mailigtas tayo. Ito ang halimbawang ibinigay sa atin ni Jesus. Paano ka nito nabigyan ng kalakasan upang paglingkuran ang iba nang may pagpapakumbaba?

.....

.....

.....

.....

APPLICATION

- Pag-isipan ang Mga Taga-Filipos 2:5-11. Ano ang natutunan mo tungkol sa pagpapakumbaba mula sa Panginoong Jesu-Cristo? Paano mo ito maisasapamuhay?
- Hingin sa Diyos na ipakita sa iyo ang isang nasirang relasyon sa iyong buhay na nangangailangang mapagaling. Ano ang handa kang gawin upang mamuhay nang may pagkakaisa at pagpapakumbaba kasama niya?
- Ano ang pumipigil sa iyo na magkaroon ng iisang isipan at layunin kasama ang katawan ni Cristo? Paano mo mapananatili ang pagkakaroon ng pagkakaisa sa Espiritu sa pamamagitan ng mapayapang pagsasamahan (Mga Taga-Efeso 4:3)? Sa iyong palagay, bakit mataimtim na ipinagdasal ni Jesus ang pagkakaisa ng iglesia? (Juan 17:20-21)?

